

Klase sa 2024 ng Overseas Youth Language Program (Distance Learning sa pamamagitan ng Video Conferencing) ng Overseas Community Affairs Council Mga Pangunahing Impormasyon (balangkas)

- I. Layunin ng Aktibidad: Upang mapalawak at mapaunlad ang kakayahan sa wikang Mandarin ng mga kabataang nasa labas ng bansa, itaguyod ang pagpasok sa taong 2024 para makapag-aral sa Taiwan at magtapos sa apat na taong Academic Industry Cooperation Bachelor Program, Overseas Youth Employment Guidance Technical Training Class, at Industry-Academia Collaboration Special Class, mapalakas ang kakayahan sa pakikinig, pagsasalita, pagbasa, pagsusulat, at paggamit ng computer para sa pagsulat ng Mandarin, palakasin ang kakayahan nilang umangkop sa buhay pang-akademya sa Taiwan, at pagkilala sa iba't ibang kultura sa Taiwan.
- II. Iskedyul ng Aktibidad:
 - (1) Tuwing Sabado't Linggo ang klaseng ito, at tumatagal nang 2.5 oras ang bawat klase. May kabuuang 40 oras ang buong programa, at tatagal nang 8 linggo.
 - (2) Mangyaring tingnan ang Kalakip 1 para sa itinakdang petsa ng pag-aaral at bilang ng mag-aaral para sa bawat programa.
- III. Kwalipikasyon sa Pagsali:
 - (1) Maaaring sumali ang mga kabataang naninirahan sa ibang bansa na may edad na 14 hanggang sa hindi lalampas sa 20 taong gulang. Binibilang ang edad mula sa petsa ng pagbubukas ng klase (batay sa petsa ng kapanganakang nakasaad sa pasaporte). Nararapat na mayroong pasaporte o pambansang ID ng bansang kanyang tinitirhan ang mag-aaral, may malusog na pangangatawan, mabuting pag-uugali at mataas na kahiligang matuto ng wikang Mandarin, kayang mamuhay kasama ang iba pang mag-aaral, at mayroong i Compatriot Card.

- (2) Mga Kwalipikasyon ng Prayoridad sa Pagpasok: Ang mga aplikanteng mag-aaral ay mga bagong mag-aaral na nag-aaplay para sa pagpasok sa kolehiyo o nag-aaplay sa 2024 na apat na taong Academic Industry Cooperation Bachelor Program, Overseas Youth Employment Guidance Technical Training Class, at Industry-Academia Collaboration Special Class. Bibigyan ng prayoridad ang mga **nagpasa ng mga kinakailangang dokumento para sa aplikasyon.**

IV. Hakbang sa Rehistrasyon:

- (1) Panahon ng Pagrehistro (oras sa Taiwan):
 1. Global Class (Ika-1 Term): Tumatanggap ng pagrehistro mula Enero 10, 2024, at magtatapos kapag napuno na ang bilang ng mga mag-aaral.
 2. Espesyal na Panrehiyong Klase: Tumatanggap ng pagrehistro 3 buwan bago magsimula ang klase at magsasara kapag napuno na ang bilang ng mga mag-aaral.
- (2) Paraan ng Pagrehistro:
 1. Global Class (Ika-1 Term): Maaari kang magparehistro bago ang deadline ng pagrehistro, sa “Sistemang Rehistrasyon sa Aktibidad ng Overseas Community Affairs” ng tanggapan website:
<http://register.ocac.gov.tw/>.
 2. Espesyal na Panrehiyong Klase: Maaari kang magparehistro sa tanggapan ng OCAC sa iyong tinitirhang bansa, para sa karagdagang impormasyon ng kontak, mangyaring tingnan ang Kalakip 2.
- (3) Proseso ng Pagsusuri: Dadaan ang impormasyon ng mga mag-aaral na kalakip sa aplikasyon sa unang yugto ng pagsusuri mula sa mga konsulado ng bansang kanilang tinitirhan at mga Overseas Chinese Culture Center (Kung walang mga tauhan ng Overseas Chinese Culture Center na nakatalaga sa lugar, ang mga tauhan na namamahala ng impormasyon ang magsasagawa ng unang yugto ng pagsusuri). Ang Overseas Chinese Culture

Center ang magpapatupad ng ikalawang yugto ng pagsusuri at magpapadala ng regular na liham sa lahat ng mga konsulado at sa Overseas Chinese Culture Center para ipaalam ang resulta ng pagtanggap.

- (4) **Mangyaring ihanda ang iyong i Compatriot Card nang maaga** at i-scan ang mga sumusunod na dokumento upang mai-upload sa “Ipasa ang mga Dokumento” na bahagi ng sistema ng pagsusuri:

1. Elektronikong kopya ng litrato.

2. Kopya ng may-bisang pasaporte ng bansang tinitirhan.

3. **Ang mga kinakailangang dokumento para sa aplikasyon upang mag-aral sa kolehiyo sa Taiwan o magrehistro** para sa 2024 na apat na taong Academic Industry Cooperation Bachelor Program at Industry-Academia Collaboration Special Class ay maaaring kinakailangan (maaaring hindi ilakip kung wala).

V. Nilalaman ng pag-aaral:

- (1) Pagtuturo ng wikang Mandarin (traditional): Intensive course design, unti-unting nadadagdagan ang kakayahan ng mag-aaral sa pakikinig, pagsalita, pagbasa at pagsulat sa nilalaman ng pag-aaral.
- (2) Kursong Tutorial sa Pag-input sa Kompyuter sa Wikang Tsino at InternetApplication: Kasabay ang paggamit ng resources at aktibidad sa Taiwan Center for Mandarin Learning (www.huayuworld.org) upang matuto ang mag-aaral ng wikang Mandarin (traditional) at paggamit ng wikang Mandarin (traditional) sa kompyuter.
- (3) Kaalaman sa kultura, pagtuklas sa Taiwan, at opisyal na pahina ng fanpage sa Facebook.

- (4) Seminar Tungkol sa Pag-aaral sa Taiwan: Upang hikayatin ang mga mag-aaral na pumasok sa eskwelahan sa Taiwan, inaanyayahan namin ang mga Taiwanese na nakatira sa ibang bansa na kasalukuyang naka-enroll sa dalawa o higit pang pambansang unibersidad sa Taiwan na magbahagi sa online ng kanilang mga karanasan sa pag-aaral sa Taiwan. Layunin nito na tulungan ang mga kabataang nasa ibang bansa na maunawaan ang iba't ibang pamaaraan na maaaring mag-aral sa Taiwan, malaman ang pamumuhay ng isang estudyante sa Taiwan, at maging pamilyar sa akademikong kapaligiran sa Taiwan.
- (5) Seminar para sa Pagsusuri sa Kasanayan sa Wikang Mandarin: Upang mahikayat ang mga mag-aaral na sumali sa pagsusuri ng kakayahan sa wikang Mandarin, isinasagawa ang seminar na ito upang mabigyan ng kaalaman ang mga mag-aaral tungkol sa uri ng pagsusulit at layunin nito.

VI. Mga Katangian ng Pag-aaral:

- (1) Intensive ang pagkadisenyo sa kurso, unti-unting nadadagdagan ang kakayahan ng mag-aaral sa pakikinig, pagsasalita, pagbabasa, pagsulat, at pagsulat ng Mandarin sa kompyuter.
- (2) Nahahati ang klase at pagtuturo ayon sa kakayahan sa wikang Mandarin (traditional), pagtuturo sa maliliit na klase.
- (3) Mga online na kurso sa wikang Mandarin na may synchronous na video (1 guro sa 10 o mas kaunting mag-aaral), may dagdag na online na asynchronous na sariling pag-aaral para sa paunang pag-aaral at pag-review.
- (4) Maliit na klase, pagkatapos ng pagrehistro, sumali sa mabilisang pagsusuri sa sistema ng kakayahan sa wikang Mandarin upang maitalaga ang naturang mag-aaral sa nararapat na antas ng klase. Mayroon ding pagsusulit online para sa pagsalita, para masuring mabuti ang antas ng kasanayan ng bawat mag-aaral.

- (5) Pagkatapos ng programa, ang nangungunang 10% ng mga mag-aaral sa bawat klase ang bibigyan ng parangal at mga premyo bilang paghikayat at pagkilala sa kanilang tagumpay.

VII. Pagdating at Pagrehistro:

- (1) Petsa: Batay sa abiso sa pagtanggap, magkakaroon ng mabilisang pagsusuri sa sistema ng kakayahan sa wikang Mandarin upang maitalaga ang naturang mag-aaral sa narapat na antas ng klase; kung sa hindi inaasahang pangyayari, naantala ang pag-enroll, kinakailangan munang makuha ang pahintulot ng namamahala ng programa, at hindi dapat ito lalampas ng 3 araw.
- (2) Sasagutin ng Overseas Community Affairs Council ang bayad para sa programang ito. Sa panahon ng pag-aaral, kinakailangang sundin ng mga mag-aaral ang lahat ng patakaran ng aktibidad, at kung may mga malaking paglabag, maaaring tanggalin ang mag-aaral sa klase.

VIII. Mga bagay na dapat bigyan ng pansin:

- (1) Inirerekomenda ang paggamit ng kompyuter sa oras ng klase, at kinakailangang ihanda ang mga kinakailangang kagamitan tulad ng mikropono, mga headphone, at webcam para sa maayos na pakikipagtalakayan sa klase.
- (2) Magbibigay ang programang ito ng isang pagsusuri bago paghiwalayin o italaga ang mga mag-aaral sa kani-kanilang mga klase, **na kinabibilangan ng mabilisang pagsusuri ng kakayahan sa wikang Mandarin online at isang online na pagsusuri sa pagsasalita. Kung hindi nasunod ng mag-aaral ang mga itinakdang hakbang sa pagsasanay at pagrerehistro, maaaring bawiin ng OCAC ang karapatan nilang lumahok sa programang ito.**

- (3) Kung hindi makadadalo ang isang mag-aaral sa klase dahil sa mga di-inaasahang pangyayari, kinakailangan nilang magsumite ng kahilingan ng pagliban isang araw bago ang nakatakdang klase. Maaari rin silang makipag-usap sa guro para sa pagkuha ng karagdagang klase, na kinakailangang makumpleto bago ang susunod na nakatakdang klase. Bilang prinsipyo, ang oras ng makeup o dagdag na klase ay hindi dapat lumampas sa 20% ng kabuuang oras ng programa.
- (4) Kinakailangang makalahok sa hindi bababa sa 32 oras sa klaseng synchronous (hindi kasama ang seremonya ng pagbubukas at pagsasara), kumpletuhin ang pagtatalaga ng klase, pagsusulit sa pagtatapos, pagsagot ng survey, at sa mga nakapasa sa pagsusuri ng pag-aaral, magpapadala ang OCAC ng digital na sertipiko sa pagtatapos sa Mandarin at Ingles, kasama ang oras ng pag-aaral ng wikang Mandarin.
- (5) **Maliban sa mga dahilan na hindi kayang kontrolin, kung hindi nakumpleto ng isang mag-aaral ang kinakailangang 32 oras nang walang sapat na kadahilanan, o hindi nagawa nang maayos ang pagtatalaga sa klase at pagrehistro sa klase, mawawalan ng karapatan magrehistro sa susunod na taon.**

IX. Kung may anumang katanungan tungkol sa pagrehistro, ang kalakip na pangunahing impormasyon na nakasulat sa Mandarin ang magiging batayan.

Term	Iskedyul ng Implementasyon	Programa	Oras sa Taiwan	Tagal	Bilang ng Mag-aaral
Global Class, Ika-1 Term (Distance Learning sa pamamagitan ng Video Conferencing)	3/2~4/21	Klase sa umaga	Tuwing Sabado at Linggo 09:00-11:30	8 na linggo	180
		Klase sa hapon	Tuwing Sabado at Linggo 15:00-17:30		
Klase ng Indonesia (Distance Learning sa pamamagitan ng Video Conferencing)	4/20~6/9	Sabado Klase sa hapon Linggo Klase sa umaga	Sabado 15:00-17:30	8 na linggo	200
			Linggo 10:00-12:30		
Klase sa Vietnam (Distance Learning sa pamamagitan ng Video Conferencing)	6/1~7/21	Klase sa umaga	Tuwing Sabado at Linggo 09:30-12:00	8 na linggo	80

Unit	Telepono	Fax	E-mail
Dibisyon ng Expatriate, Taipei Economic and Trade Office, Jakarta, Indonesia	+62-21-515-3939 Ext 411/420	+62-21-515-4228	<u>indonesia@ocac.gov.tw</u>
Opisina ng Overseas Community Affairs sa Vietnam	+84-24-38335501 Ext. 8463	+84-24-3833-5508	hanoi@ocac.gov.tw
Opisina ng Overseas Community Affairs sa Ho Chi Minh	+84-28-3927-4997	+84-28-3834-9178	vietnam@ocac.gov.tw